



Paano Magtatapos ang Sanlibutan?

Leksyon 4

1. Bago bumalik si Jesus sa langit, ano ang pangakong iniwan Niya?

Juan 14: 3 _____

2. Sa anong “mapalad na pag-asa” ang hinihintay ni Apostol Pablo?

Tito 2: 13 _____

3. Si Jesus ay naparito na minsan upang dalhin ang kasalanan ng marami. Para kanino Siya darating na ikalawa?

Hebreo 9: 28 _____

“Sapagka't ang Anak ng tao ay pariritong nasa kaluwalhatian ng kaniyang Ama na kasama ang kaniyang mga anghel; at kung magkagayo'y bibigyan ang bawa't tao ayon sa kaniyang mga gawa.” Mateo 16:27

“ Inyong sabihin sa kanila na matatakuting puso, Kayo'y mangagpakatampang, huwag kayong mangatakot: narito, ang inyong Dios ay paririto...siya'y paririto at ililigtas kayo.” Isaias 35: 4

4. Naunawaan ng mga alagad na ang pagdating ni Jesus ay magiging tanda ng anong bahagi ng kasaysayan ng sanlibutan?

Mateo 24: 3 _____

5. Bakit mahalaga para sa atin na malaman ang mga mahahalagang detalye kung paano si Jesus darating?

Mateo 24: 24 _____

Ang unang katipulo ng mga Gawa ay nagsasalarawan kung paano si Jesus umakyat sa langit. Pansinin ang pagdidiin sa katunayan na nakita talaga ng mga alagad na umaakyat Siya: “nang siya'y tinitingnan nila” (talatang 9) “At samantalang tinititigan nila” (talatang 10) “tumitingin” (talatang 11) “inyong nakitang pagparoon niya” (talatang 11).

6. Ano ang sunod na sinabi sa kanila kung sa paanong paraan Siya babalik?

Gawa 1: 11 _____

7. Gaano karaming mga tao ang makakakita na si Jesus ay dumarating?

Apocalipsis 1: 7 _____

8. Gaano kabilis na makikita Siya?

Mateo 24: 27 _____

9. Sino ang darating kasama ni Jesus?

Mateo 25: 31 _____

10. Gaano karaming mga anghel ang naroon?

Apocalipsis 5: 11 _____

11. Anong magiging epekto ng paningin ng isang anghel sa mga tao?

Mateo 28: 2-4

Ang pagdating ni Jesus kasama ang Kanyang mga anghel ay literal na kabigha-bighani. Pansinin ang pagsasalarawan ng Apocalipsis.

“At ang langit ay nahawi na gaya ng isang lulong aklat kung nalululon; at ang bawa't bundok at pulo ay naalis sa kanilang kinatatayuan. At ang mga hari sa lupa, at ang mga prinsipe, at ang mga pangulong kapitan, at ang mayayaman, at ang mga makapangyarihan, at ang bawa't alipin at ang bawa't laya, ay nagsipagtago sa mga yungib at sa mga bato sa mga bundok; At sinasabi nila sa mga bundok at sa mga bato, Mahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Cordero: Sapagka't dumating na ang dakilang araw ng kanilang kagalitan; at sino ang makatatayo?” Apocalipsis 6: 14-17

“At nagkaroon ng mga kidlat, at mga tinig, at mga kulog; at nagkaroon ng malakas na lindol, na di nangyari kailan man mula nang magkatao sa lupa, isang lindol na lubhang malakas, lubhang kakilakilabot. At ang dakilang bayan ay nabahagi sa tatlo, at ang mga bayan ng mga bansa ay nangaguho: at ang dakilang Babilonia ay napagalaala sa paningin ng Dios, upang siya'y bigyan ng inuman ng alak ng kabagsikan ng kaniyang kagalitan. At tumakas ang bawa't pulo, at ang mga bundok ay hindi nangasumpungan.” Apocalipsis 16: 18-20

12. Ano ang sinabi ni Jesus na gawin kapag sinabi nila sa iyo na Siya ay dumating ng palihim?

Mateo 24: 26

“Ang aming Dios ay darating at hindi tatahimik; isang apoy na mamumugnaw sa harap niya, at magiging totoong malaking bagyo sa palibot niya. Siya'y tatawag sa langit sa itaas, at sa lupa upang mahatulan niya ang kaniyang bayan: Pisanin mo ang aking mga banal sa akin; yaong nangakikipagtipan sa akin sa pamamagitan ng hain.” Awit 50: 3-5

13. Ang lahat ng mga angkan sa lupa ay tatangis habang nakikita nila sa Jesus na anong ginagawa?

Mateo 24: 30

14. Bakit sila tatangis?

Jeremias 8: 20

“At kung magkagayo'y susuguin niya ang mga anghel, at titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin, mula sa wakas ng lupa hanggang sa dulo ng langit.” Markos 13: 27

15. Ang Panginoon din ay bababang mula sa langit na may ano?

1 Tesalonica 4: 16

“Aking sasabihin sa hilagaan, Bayaan mo, at sa timugan, Huwag mong pigilin; dalhin mo rito ang aking mga anak na lalake na mula sa malayo, at ang aking mga anak na babae na mula sa wakas ng lupa.” Isaias 43: 6

16. Habang bumababa si Jesus, ano ang unang bagay na mangyayari?

1 Tesalonica 4: 16

17. Ano ang susunod na mangyayari sa mga matuwid na nabubuhay?

1 Tesalonica 4: 17

18. Saan natin sasalubungin ang Panginoon?

1 Tesalonica 4: 17

“At kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon.” Juan 14:3

19. Saan ang dakong ipinangako ni Jesus na ihahanda para sa atin?

Juan 14: 2 _____

20. Saan ang tahanan ng Kanyang Ama?

Mateo 7: 21 _____

21. Kaya nasaan ang ating mana?

1 Pedro 1: 4 _____

“Narito, ang ganti sa inyo'y malaki sa langit.” Lucas 6: 23

22. Ano ang maririnig habang tinitipon ng mga anghel ang mga hinirang?

Mateo 24: 31 _____

23. Maging buhay man o natutulog, ano ang mangyayari sa lahat ng matuwid kapag ang trumpeta ay tumunog?

1 Corinto 15:51, 52 _____

24. Itong nasisira ay bibihisan ng ano?

1 Corinto 15:53 _____

25. Itong may kamatayan ay bibihisan ng ano?

1 Corinto 15:53 _____

26. Ang kamatayan ay lalamunin ng ano?

1 Corinto 15:54 _____

“Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong pagtatagumpay? Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong tibo?”
1 Corinto 15: 55

27. Ano ang dapat nating gawin ngayon upang makatayo sa harap Niya doon?

1 Juan 2:28 _____

28. Ano ang dapat gawin ng bawat tao na may pag-asang ito sa Kanya?

1 Juan 3: 3 _____

29. Anong alok ang ibinibigay ng Diyos sa bawat makasalanan?

Isaias 27:5 _____

30. At sa pagdating ni Jesus, ano ang masasabi natin?

Isaias 25: 9 _____

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos...

O Nauunawaan kong si Jesus ay muling darating, hindi patahimik o palihim, subalit may kapangyarihan at dakilang kalualhatian, upang kunin papunta sa Tahanan ang Kanyang mga tinubos?

O Ninanais kong maging handa para salubungin si Jesus, at makarating sa langit kasama Niya sa Kanyang pagdating.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Unang Sulyap sa Paparating na Panahon*